Mahal na Komunidad ng SFUSD:

May ipinatutupad nang polisiya ang San Francisco Unified School District (SFUSD) kung saan malinaw na ipinagbabawal ang diskriminasyon nang dahil sa kasarian, at isa itong proteksiyon na nagsasama sa mga estudyanteng transgender (nagbago na ng kasarian) at gender expansive (mas malawak ang pagbibigay ng depinisyon sa kanyang kasarian kasama na ang ekspresyon at kaugnay na identidad).

Ipinagmamalaki namin na kami ang unang pampaaralang distrito sa bansa na nakapagpasa na ng polisiya upang magkaroon ng mga proteksiyon ang mga estudyanteng transgender. Patuloy naming igagalang ang mga polisiyang ito at titiyakin na mananatiling protektado mula sa diskriminasyon, pambu-bully o pang-aapi, at panghaharass ang mga estudyanteng transgender at gender nonconforming (hindi sumusunod sa mg inaasahan ng lipunan sa kanyang kasarian).

Karapat-dapat lamang na makapag-aral ang lahat ng estudyante sa kapaligirang malaya sa takot at diskriminasyon. Malugod naming tinatanggap ang kabuuan ng bawat estudyante, at kasama na rito ang kanyang lahi, kultura, kasarian, identidad ng kasarian, seksuwal na oryentasyon at kakayahan, dahil may kontribusyon ang lahat ng ito sa pagkakaroon ng dibersidad o pagkakaiba-iba sa ating mga pampaaralang komunidad.

Gumagalang,

Shamann Walton
Presidente, SF Board of Education
(Lupon ng Edukasyon ng SF)

Myong Leigh
Interim Superintendent
(Pansamantalang Superintendente)